

Gabay para sa Kalahok: Mga Kinakailangan sa Billing para sa Pagkakaloob ng mga Serbisyo sa mga Kalahok sa Self-Determination Program (SDP)

Mga Kinakailangan sa Pagbabayad

Tinutulungan ka ng gabay na ito na maunawaan kung paano naniningil at nababayaran ang mga taong nagkakaloob ng mga serbisyo mo. Makakapili ka kung sino ang magkakaloob ng mga serbisyo mo:

- Makakapag-hire ka ng isang tao.
- Maaari kang gumamit ng regional center vendor.
- Maaari kang gumamit ng mapagkukunan na lokal na negosyo o komunidad.
- Maaari kang gumamit ng SDP Provider.

Paano Nababayaran ang Iba't Ibang Provider

1. Pag-hire ng isang taong tutulong sa iyo. Halimbawa, ang isang manggagawa na nagkakaloob ng tulong sa personal na pangangalaga. Pupunan ng taong ito ang timesheet. Babayaran sila ng iyong Financial Management Service (FMS).
2. Mga serbisyo mula sa isang SDP Provider. Halimbawa:
 - Isang ahensya ng komunidad na nagkakaloob ng therapy.
 - Ang iyong Independent Facilitator (IF).
 - Isang programang pang-araw na hindi bine-vendor sa pamamagitan ng iyong regional center.

Hindi pinupunan ng SDP Provider na ito ang timesheet. Bibigyan ng SDP Provider ang iyong FMS ng invoice. Ang invoice ay dapat may:

- [Service code](#) ng SDP Provider. Ang service code ay nasa iyong plano ng paggasta.
- Singil ng SDP Provider. Ang singil ay maaaring kada oras o kada araw.
- Paglalarawan ng mga serbisyong natanggap mo.
- Petsa kung kailan ibinigay ang serbisyo.
- Gaano katagal ang inabot para maipagkaloob ang mga serbisyo sa iyo.
- Halaga ng serbisyo.
- Pahayag na nagsasaad na natanggap mo ang mga serbisyo.

Kalakip ang isang sampol ng invoice. Maaari mo itong ibigay sa iyong SDP Provider. Magagamit niya ito upang matiyak na tama ang kanyang invoice.

3. Mga serbisyo mula sa iyong regional center vendor. Maaaring magsumite ang mga regional center vendor ng invoice na nagbibigay ng parehong impormasyon na ibibigay nila, kabilang ang parehong singil na tila ginagamit mo sila sa mga tradisyonal na serbisyo.
4. Mga serbisyo mula sa lokal na negosyo o mapagkukunan ng komunidad. Ang uri ng provider na ito ay nakikipagtulungan sa mga taong mayroon at walang kapansanan. Halimbawa:

- Lokal na klase sa karate
- Uber o Lyft
- Isang tindahan o mapagkukunan ng komunidad kung saan bumibili ang FMS ng item mo

Makikipagtulungan ka kasama ang iyong FMS provider sa pagsusumite ng dokumentasyon na nakasaad ang serbisyo at halaga ng iyong serbisyo.

Iba Pang mga Bagay na Dapat Tandaan

- Binabayaran ng FMS ang iyong provider ng serbisyo.
- Hindi maaaring bumili ng mga item para sa iyo ang iyong provider ng serbisyo. Binibili ng FMS ang anumang item na kailangan mo gaya ng nakasaad sa iyong plano ng paggasta.

Mga Kinakailangan ng Pederal at Estado para sa Pagkakaloob ng mga Serbisyo ng SDP

Ang mga serbisyong natatanggap mo sa pamamagitan ng SDP ay binabayaran ng mga dolyar ng estado at pederal na pamahalaan. Kailangang sumunod ang mga serbisyong ito sa mga alituntunin upang mabayaran ng iyong regional center ang mga ito.

Kabilang sa mga kinakailangang ito ang:

- Ang mga serbisyong ipinagkakaloob ay pinagkakasunduan mo at ng iyong team sa pagpapalano ng indibidwal na programa.
- Dapat maipakita ng mga pagbabayad ang mga serbisyong natanggap mo.
- Dapat magpanatili ang iyong provider ng serbisyo ng mga rekord ng mga serbisyong ipinagkaloob nila sa iyo.
- Ang mga serbisyo ay kailangang ialok sa mga kalahok nang patas at hindi dapat ipagkaila batay sa iyong lahi, relihiyon, kulay, bansa o etnikong pinagmulan, kasarian, edad o kapansanan.